Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyong Isla ng Negros
SANGAY NG NEGROS ORIENTAL
Siyudad ng Dumaguete

Agosto 11, 2016

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg. 476 ,s. 2016

PIYESA PARA SA DEKLAMASYON (2016 LANGUAGE ARTS SHOW)

PARA SA : Mga Superbisor ng Programang Edukasyon
Mga Tagamasid ng Purok
Pinuno ng mga Pampublikong Paaralan

---

1. Ipinapaalam ng opisinang ito ang paggamit ng piyesa para sa paligsahan ng deklamasyon alinsunod sa pagsasagawa ng taunang Language Arts Show.

2. Kalakip ng memorandum na ito ang sipi ng nasabing piyesa.

3. Malawak na desiminasyon ng memorandum na ito ay nais.

LELANIE T. CABRERA, CESE
Tagapamanihala ng Dibisyon

12 AUG 2016

HANGGANG SAAN AKO MANGANGARAP

Renante A. Juanillo, Ed.D.

Pangarap!...pangarap?...PANGARAP. Isang salita na hinahanap, pinaghahandaan, at sinasabayan ng lahat. Pero ano nga ba ang depinisyon ng salitang pangarap sa isang batang tulad ko? Isang batang walang magulang at lumaki sa lansangan.

Noon, pangarap ng nanay ko ang maging isang teacher. Iginapang siya ng lolo at lola para maabot ang pangarap na 'yon. Kahit isang mangingisda lamang ang lolo at nagtitinda ng isda ang lola, nairaos naman ang buhay sa araw-araw. Hindi naman nahihirapan si nanay sa pag-aaral dahil may kagalingan naman siya. Matalino kaya ang nanay. Honors kung ituring. Pangarap ng nanay na maihaon sa kahirapan ang pamilya, magkaroon ng isang masayang pamilya, at mga anak na tulad niya, na puno ng mga pangarap. Pero tila lahat ay sa pangarap lamang nangyayari.

Alam kong lahat ay excited sa tuwing may isisilang na sanggol...excited lalo na ang mga magulang...MALIBAN sa aking mga magulang.

Nasa ikatlong taon noon sa college ang nanay nang magkita sila ng tatay. Grabe ang dating ni tatay...nabighani kaagad ang puso ng nanay. Ay! pag-ibig nga ba naman. Noong una...ang ganda ng kanilang samahan... walang kapara...Pero nang lumaon, hindi na sa eskwelahan ang pasok ni nanay... sa mga dating, outing, night life. Ang masaklap...PALAGI SILANG LUMALABAS. Nakalimutan na niya tuloy ang kanyang pag-aaral. Higit sa lahat ang kanyang PANGARAP.

Namatay si lolo dahil hindi matanggap ang kinasasadlakan ng inay. Nagkasakit si lola. Oo, bunga marahil ito ng kanyang katandaan. Hindi naglaon, sumunod na rin ito kay lolo.

Unti-unting naglaho ang lahat.Wala na ang masayang pamilya. Wala na ang lolo't lola. Nawala na rin ang pangarap ng kanilang anak. Tuluyan na siyang nalulong sa masamang bisyo. Sigarilyo! Alak! Drugs! Ito na ang kanyang mga sabjeks ngayon. Ang masakit, NABUNTIS si nanay. Walang trabaho! Walang magulang na mauuwian. Minsan, habang nasa sinapupunan pa ako...narinig ko...DINIG NA DINIG ko ang sinabi ng tatay, "Ipalaglag mo yan". Hindi nila alam, na ako ang higit na nasasaktan. Napakasakit!...SAKIT-SAKIT! Ito' parang isang punyal na isinaksak sa aking katawan at tagos sa kaibuturan ng aking puso. Ramdam ko ang bigat ng mundong aking dinadala. Hindi pa nga ako isinilang, may problema na akong pinapasan. Hindi nagtagal, HETO NA PO AKO...kahit anong gawin ni nanay...hindi ako nalaglag. SUWERTE nga ba dahil buhay ako?.

Lumaki po ako sa kalye! Nabubuhay sa mga tira-tirang pagkain. Nakipag-patentero sa mga sasakyan. Nakipag-basagan sa kapwa taga-lansangan. Namamalimos! Marumi! Gusgusin! At walang pinag-aralan.

Sabihin niyo po, kahit anong gusto niyong sabihin tungkol sa akin. GANYAN AKO, at iyan ang totoo. Kung nararapat na ako'y inyong husgahan, HUSGAHAN niyo po. PERO bago niyo po gawin 'yon. Itanong niyo muna sa mga magulang ko, kung nararapat ba ako sa kinalalagyan kong ito. Pakitanong po sa mga taong may pangarap kung kasama ba ako? Pakisabi po sa mga batang tulad ko na pinapaaral at kinakalinga ng kanilang mga magulang, na MASUWERTE kayo.

AKO...oo...matagal ko nang pangarap ang maging tulad ninyo. PANGARAP ko ang makakain man lamang ng totoong pagkain. PANGARAP ko ang makatulog sa totoong bahay. PANGARAP ko ang magkaroon ng totoong magulang. PANGARAP KO ang magkaroon din magandang buhay, ang makapasok sa eskwelahan, dala-dala ang bag at mga aklat, ang kumakain ng snacks tuwing recess at makipag-kuwentuhan, makipaglaro, at higit sa lahat ang makasama ang mga magulang. PERO ALAM KO, hanggang PANGARAP lamang yaon. HANGGANG darating ang panahong, may isang taong AKO'Y samahang TUPARIN ang aking PANGARAP...Mananatili itong ISANG PANGARAP. HANGGANG SAAN AKO MANGANGARAP?